# SINO SI JUAN

SIMULA


TAPOS

ACTIVITY BOOK PARA SA MGA BATA
MULA SA CANVAS

IGINUHIT NI

JOHN PAUL ANTIDO


ISLA
KARNABAL



Ang aklat na ito'y pagmamay-ari ni:

-------------------------------------------

KARAPATANG-ARI ©2019
Inilathala't inilimbag ng *Center for Art,*
*New Ventures and Sustainable Development* (CANVAS)

Reserbado ang Lahat ng Karapatan.


Subalit, kahit sino'y maaaring gamitin, kopyahin, at ipamahagi ang mga nilalaman ng librong ito sa anumang anyo't uri o pamamaraan na HINDI PANG-KOMERSYAL O PANG-NEGOSYO ang layunin, sa kundisyong binibigyan ng nararapat at tamang pagkilala't atribusyon ang manlilimbag nito, ang CANVAS.

Hindi maaaring ibahin, pagbali-baligtarin, i-*transform* o iba pang uri ng pag-*derive* ng mga nilalaman ng librong ito nang walang naunang nakasulat na pahintulot mula sa CANVAS.

Unang imprenta sa wikang Filipino ng *softcover* 2019
Inilimbag sa Republika ng Pilipinas

Para sa lahat ng mga katanungan, ipadala sa:
CANVAS, No.1 Upsilon Drive Ext., Alpha Village,
Diliman, Quezon City, Philippines 1119
Email *info@canvas.ph*

Aklat-disenyo't paglalatag ni Daniel Palma Tayona
Disenyo sa pabalat at karagdagang grapiks ni Kevin Candelaria
Mga salita't gawain ni Annette A. Ferrer at Gigo A. Alampay
Mga dibuho ni John Paul Antido
Pamamatnugot ng CANVAS
Pagreretrato ni Ocs Alvarez


SINO
SI
JUAN
SIMULA
TAPOS
ACTIVITY BOOK PARA SA MGA BATA
MULA SA CANVAS



**JOHN PAUL ANTIDO**, or Japs for short, hails from Antipolo and studied painting at the University of the Philippines' College of Fine Arts in Diliman.

Impressionistic and Van Gogh-esque, Japs' works are lively in color and movement. By mixing traditional and modern symbols – fiestas and "natives" wearing Rolling Stones t-shirts – he is able to succinctly capture the vibrancy of Filipino culture, its hybridity and ever-changing nature.

Japs has received praise and awards for his work – grand prize in the 2005 Art Petron 5th National Student Art Competition, shortlisted in the 2011 Philip Morris Philippine Art Awards, the 2008 Metrobank Art and Design Excellence National Competition, the 2nd GSIS Annual Painting Competition in 2005, just to name a few. He has also exhibited in Laos, Singapore, Malaysia, and Denmark.

*(All the images used for this book are from the artist's paintings done in oil on canvas and are part of his 12th solo exhibition.)*





IGINUHIT NI
JOHN PAUL ANTIDO

ISINULAT NI:
ANNETTE A. FERRER at GIGO A. ALAMPAY


BALIKBAYAN

Parehong Pilipino ang mga magulang ni Juan, pero nakatira silang lahat sa England. Nagtatrabaho bilang isang software engineer ang Mama ni Juan samantalang ang Papa naman niya ay isang nars. Pareho silang nagtatrabaho sa London.

Madalas siyang kwentuhan ng kanyang mga magulang tungkol sa Pilipinas, tungkol sa kultura nito, kasaysayan, kwento, at mga tradisyon. Pero ni minsan ay di pa nakatungtong si Juan sa Pilipinas.

*Hanggang ngayon.*

Sa kauna-unahang pagkakataon, bibisita si Juan sa Pilipinas.

Habang nandito siya, gusto niyang matutunan ang lahat nang kaya niyang matutunan tungkol sa Pilipinas. Gusto niyang maunawaan kung paano nga ba ang maging isang Pilipino.

Ilang salita ang kaya mong magawa gamit ang mga titik sa


## BALIKBAYAN?

| | |
|---|---|
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |

**BALIKBAYAN** (*pangngalan*), isang taong nagbabalik sa kanyang bansa, salitang tambalan na pinagsama ang *balik* at *bayan*

Ang unang bibisitahin ni Juan ay ang patahian ng kanyang Lola.

Maliit na negosyo lamang ito, pero sa tulong ni Tita Nita, limampu't-limang taon mahigit nang tumatakbo ang patahian.






Sa Sabado't Linggo, bibisitahin ni Juan si Tito Bert.

Sabi ni Tito Bert na may karnabal o peryang dapat niyang makita. Maraming kumikinang na mga ilaw, medyo kakarag-karag ang mga sasakyan, may mga larong de-baril at de-pana, may mga papremyo, at maraming mga makakain.




Nagkalat sa peryahan ang pitong pusa.

**Kaya mo bang hanapin silang lahat?**


Balangay
ISLA
KARNABAL

Maraming pambihirang dalampasigan ang Pilipinas.

Pinuntahan ni Juan ang pinakamaraming tabing-dagat na kaya niyang puntahan. Nais niyang makita sana nang malapitan ang magagandang hayop sa dagat, at siguro'y makasabay pa sa paglangoy ang isang butanding.







Kung umuulan daw pero maaraw, may kinakasal na tikbalang, ang sabi ng matatanda.




May ilang mga mitolohikal na nilalang ang nandito sa kasalan ng tikbalang – duwende, diwata, kapre, manananggal, at maski aswang na nag-aanyong lobo. **Nakikita mo ba sila?**






START
FINISH

Naniwala ang mga sinaunang Pilipino na lumikha si Bathala ng pitong buwan upang bigyang liwanag ang kalangitan.


Ang bakunawa, isang hugis-ahas na dragon, ay naakit sa mga buwan. Nilisan nito ang karagatan at isa-isang nilunok ang mga buwan hangga't isa na lang ang natira.

Nalaman ito ni Bathala nang kakainin na ng bakunawa ang natitirang buwan. Galit na galit siya kaya't ipinatapon niya ang bakunawa mula sa kanyang tirahan sa dagat.

Ngayon, sinasabi nilang nagkaka-eklips o naglalaho ng buwan dahil pilit na bumabalik ang bakunawa upang kainin ang huling buwan. Buti na lamang, nariyan lagi si Bathala para pigilan ang bakunawa.

Nakita ni Juan sa kanyang isip
na dinudukot ng bakunawa
ang isang magandang dalaga,
at kailangan siyang sagipin ni Juan.

**Tulungan si Juan na mahanap ang daan patungo sa dalaga para maiuwi niya ito sa kanyang bahay at pamilya.**





Nagsidatingan ang mga pinsan ni Juan at niyaya siyang maglaro ng basketbol.

Nalaman ni Juan na sikat na sikat pala ang basketbol sa Pilipinas. May basketbolan sa lahat ng barrio, sa mga kalsada, sa mga likod-bahay, maski sa mga sementeryo!

May basketbolan sa bawat lugar!



Ibalik sa ayos ang mga titik sa baba...

## para makita kung ano pang mga laro ang kinalilibangan ng mga Pilipino.

| | |
|---|---|
| PTNAETRIO | _ _ _ _ _ _ _ _ _ |
| AWAAGN BSAE | _ _ _ _ _ _   _ _ _ _ |
| TBUMNAG-PSREO | _ _ _ _ _ _ _ - _ _ _ _ _ |
| LNOKUSG TNIIK | _ _ _ _ _ _ _   _ _ _ _ _ |
| HLUABAN | _ _ _ _ _ _ _ |
| TGUAAN | _ _ _ _ _ _ |
| SPIA | _ _ _ _ |
| LKNOSUG BKAA | _ _ _ _ _ _ _   _ _ _ _ |
| TAAYIKD | _ _ _ _ _ _ _ |
| SGNKUA | _ _ _ _ _ _ |
| PLAO-SBEO | _ _ _ _ - _ _ _ _ |
| PTIIK BLAUG | _ _ _ _ _   _ _ _ _ _ |

MGA LARONG PILIPINO: PATINTERO, AGAWAN BASE, TUMBANG-PRESO, LUKSONG TINIK, HABULAN, TAGUAN, SIPA, LUKSONG BAKA, TIYAKAD, SUNGKA, PALO-SEBO, PITIK BULAG




Ito ang mga makasaysayang bandila ng rebolusyong Pilipino.

Ang bandila ang pinakamahalagang simbolo ng bansa. Ito ang simbolo ng kasarinlan at pagmamahal sa bayan.

**Sa larawan sa kaliwa, makikita ang iba't ibang bersyon ng mga bandilang sumagisag sa Pilipinas sa isang punto ng ating kasaysayan.**

## Pagtambalin ang paglalarawan sa tamang bandila.

**1**

Si Gregoria de Jesus, ang asawa ni Andres Bonifacio, ang nagdisenyo ng unang watawat ng Katipunan. Ginawa niya itong simpleng pulang bandila na may tatlong puting K sa gitna.

**2**

Ang ibang Katipunero ay gumawa rin ng ibang bandilang kahawig ng una, ngunit ang tatlong K ay bumubuo ng tatsulok.

**3**

Ang iba nama'y sinubukang gawing mas simple ang watawat na may iisang K lamang sa gitna.

**4**

Interesante ang bandilang gawa ni Heneral Mariano Llanera sa Nueva Ecija. Isa itong itim na watawat na may puting K sa gitna at may bungo at magka-ekis na buto sa kanan.

**5**

Iba naman ang bandila ni Heneral Pio del Pilar. Isa itong pulang bandila na may puting tatsulok sa isang panig. Sa bawat sulok ng tatsulok ay may pulang K at sa gitna ay may araw na sumisikat mula sa likod ng isang bundok.

**6**

Ang bandilang na unang ginamit sa Sigaw ng Pugadlawin ay isang pulang bandila na may putting araw at tatlong K sa ilalim.

**7**

Ang pangkat Magdalo ng Katipunan, sa pamumuno ni Heneral Emilio Aguinaldo, ay isang pulang bandila. Sa gitna ay puting araw kung saan ang gitna ay titik K na mula sa alibata o baybayin, ang sinaunang alpabetong Pilipino.

**8**

Ang bandila ng Republika ng Biak-na-Bato ay kulay pula ulit, ngunit ngayo'y may puting araw na may mukha. Ito rin ay kinilalang Bandila ng Araw ng Kasarinlan.

**9**

Ang bandila ni Heneral Gregorio del Pilar ang unang gumamit ng tatlong kulay – pula, asul, at itim. Huli itong ginamit sa Labanan sa Pasong Tirad.

**10**


Ang pambansang bandila ngayon ay binubuo ng dalawang magkasing-sukat na hanay na asul at pula, at isang puting tatsulok sa gilid. May tig-iisang dilaw na bituin sa bawat sulok ng tatsulok, at sa gitna nito ay isang dilaw na araw na may walong silahis.



Nagsimulang maunawan ni Juan na hindi siya nag-iisa. Maraming mga Pilipinong tulad niya na naninirahan, nagtatrabaho, o lumaki sa ibang bansa.



Sa katunayan, higit sa sampung milyong Pilipino ang naninirahan o naghahanap-buhay sa ibang bansa. Nagpapadala sila ng bilyun-bilyong dolyares sa Pilipinas para makatulong sa mga mahal nila sa buhay sa kanilang mga gastusin at sa kanilang pag-aaral.




Gupitin ang mga larawan sa itaas.

Pagtambalin ang mga ginupit na larawan sa mga balangkas sa kanan.




# *MAKITA MO KAYA...



Sa wakas, panahon na para bumalik si Juan sa England. Sa pag-alis niya sa Pilipinas, tanong ni Juan sa sarili, "Paano ba masasabing ikaw ay Pilipino?"

Pilipino ka ba dahil ang mga magulang mo ay Pilipino? Ikaw ba ay Pilipino dahil mahilig ka sa basketbol o iba pang larong Pinoy? Ang pagka-Pilipino ba ay makikita sa pagiging malapit ng pamilya, at sa kung paanong nagtutulungan ang magkakamag-anak tungo sa tagumpay saan pa man sila?

# KUNG ALIN ANG NAIBA?




Maaari ring ito'y ang mga kwento, alamat, at pangarap na binabahagi natin sa isa't isa. Baka ito ay ang pagmamalaking nararamdaman natin kapag nakikita natin ang ating watawat, o tuwing naliligo tayo sa ating mga dagat. O baka dahil sa mga ito't marami pang mga dahilan...


*Isa ang tiyak. Kahit konti ay mas Pilipino na si Juan ngayon kay sa noong una siyang dumating.*

*Ang mga nawawala sa kanang larawan ay: isang puso, isang eroplanong papel, isang galamay ng pugita, isang tala, ang salitang "viaje" sa dyipni, isang kumpol ng mga gulay, isang rosas, at sombrero ng mandaragat.


# MORE BOOKS FROM **CANVAS**





**ELIAS AND HIS TREES**
Adapted from *"The Man Who Planted Trees" by Jean Giono*
Adaptation by Augie Rivera
Art by Romeo Forbes





**THE ROCKING HORSE**
Story by Becky Bravo
Art by Elmer Borlongan





**SOL: A LEGEND ABOUT THE SUN**
Story by Agay Llanera
Art by Farley del Rosario





**ANG BATANG MARAMING BAWAL**
Story by Fernando Rosal Gonzalez
Art by Rodel Tapaya





**SI LUPITO AT ANG BARRIO SIRKERO**
Story by Rowald Almazar
Art by José John Santos III





**ANG DYIP NI MANG TOMAS**
Story by Genaro Gojo Cruz
Art by Anthony Palomo





**EARTH TALES: 3 ECO-FABLES FOR CHILDREN**
*The King and the Royal Trees* by Paul Aird
Art by Ivee Olivares-Mellor
*The Hummingbird,* Art by Plet Bolipata
*The Star Thrower,* Art by Liza Flores




**THE BOY WHO TOUCHED HEAVEN**
Story by Iris Gem Li
Art by Sergio Bumatay III





**MESSAGE IN THE SAND**
Story by Charmaine Aserappa
Artworks by Roel Obemio





**TAHAN NA, TAHANAN**
Story by Maria Isabel Alarilla-Arellano
Art by Don M. Salubayba





**DOLL EYES**
Story by Eline Santos
Artworks by Joy Mallari





**RIZALPABETO**
Poems by Vim Nadera
Art by Elmer Borlongan





**THE CAT & THE BAT AND OTHER FABLES**
Adapted by Rhandee Garlítos
Art by Elmer Borlongan





**NADIA AND THE BLUE STARS**
Story by Francesca Nicole Chan Torres
Art by Liv Romualdez Vinluan





**A FISH TALE**
Story by Becky Bravo
Art by Daniel dela Cruz





**THE TRIANGLE MAN AND THE FLIGHTLESS DIWATA**
Story by Kate Osias
Artworks by Dex Fernandez





**HERE BE DRAGONS**
Story by Victor Fernando R. Ocampo
Artworks by Jon Jaylo



**MY BIG SISTER CAN SEE DRAGONS**
Story by Rocky Sanchez Tirona
Artworks by Liza Flores





**INANG KALIKASAN'S BAD HAIR DAY**
Story by Recle Etino Vibal
Artworks by John Paul Antido




**BENCAB'S ACTIVITY BOOK FOR CHILDREN**
Activities written by Karen Joy Desamparado-Foronda
Art by Benedicto Cabrera





**PANYÁAN: THREE TALES OF THE TAGBANUA**
Stories by Rhandee Garlitos and Annette Ferrer
Art by Sergio Bumatay III





**THE WEIGHT OF WORDS: AN ALPHABET OF HUMAN RIGHTS**
Edited by CANVAS
Featured artists: Electrolychee, Dan Matutina, Gerilya, John Ed De Vera, Jom Masolabe, June Digan, Keith Dador, Kevin Roque, Lala Gallardo, Meneer Marcelo, Palma Tayona, Wesley Valenzuela




**KARAPAT DAPAT**
Text by May Tobias-Papa
Art by I.N.K.




**ANG AKLATANG PUSA**
Story by Eugene Y. Evasco
Art by Jared C. Yokte




**IPAPASYAL NAMIN SI LOLO**
Written by Renato Gojo Cruz
Art by Arvi Fetalvero




**RENATO BARJA'S CHILDREN'S STORIES**
Written by Daniel Palma and Gigo Alampay
Art by Renato Barja




**MAMITA'S GARDEN: AN ACTIVITY BOOK**
Text by Nicolas Gabriel Garcia
Art by Pam Yan-Santos

CANVAS’ **1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign** aims to inspire in children a love for reading by donating its award-winning books to public schools, hospitals, and disadvantaged communities throughout the country.

*A child that reads is a creative, empowered, and imaginative child who will learn independently, envision a brighter future, and ultimately lead a productive and meaningful life.*

You can help us!
For more information, visit www.canvas.ph, email **info@canvas.ph**, or find us on Facebook: **Center for Art, New Ventures and Sustainable Development**.

---

***CANVAS**, a non-profit organization, works with the creative community to promote children’s literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.*

★ ★ ★ ★ ★ ★ ★

Sa unang pagkakataon sa kanyang buhay,
bibisita si Juan sa Pilipinas.
Habang nandito siya, gusto niyang
matutunan ang lahat nang kaya niyang
matutunan tungkol sa Pilipinas.
Tulungan natin siyang maunawaan kung
*paano nga ba ang maging isang Pilipino*.

★ ★ ★ ★ ★ ★ ★

CANVAS, a non-profit organization, works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.

For more information, please visit **www.canvas.ph**
follow us at **www.facebook.com/canvas.ph** or email **info@canvas.ph**.

www.canvas.ph
creative possibilities. open conversations. meaningful change.

Supported by:

UBS